

Tumatanggap ang Lungsod ng Brampton ng Distinguished Budget Presentation Award

BRAMPTON, ON (Agosto 29, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay tumanggap ng Distinguished Budget Presentation Award mula sa Government Finance Officers Association of the United States and Canada (GFOA) para sa ikapitong kasunod na taon.

Ang award na ito ay kumakatawan sa isang mahalagang napagtagumpayan ng Lungsod ng Brampton, na naglalarawan sa commitment sa pagtugon sa pinakamataas na mga prinsipyo sa pagbabadyet ng pamahalaan. Para makatanggap ng Distinguished Budget Presentation Award, kinailangang matugunan ng Lungsod ng Brampton ang kinilala ng bansa na mga patnubay para sa epektibong presentasyon ng badyet kabilang ang:

- Isang dokumento ng polisiya;
- Isang pinansyal na plano;
- Isang gabay sa operations; at
- Isang communications device.

Ang mga dokumento ng badyet na kailangang na-rate na napakahusay sa lahat ng apat na kategorya at sa 14 na mandatoryong criteria para makatanggap ng award. Kabilang sa 2022 Badyet ang isang porsiyentong levy para suportahan ang pagpapalawak ng health care, pagmimintina sa mga programa at serbisyo, makagawa ng pinakamalaking ambag sa imprastraktura, at suportahan ang paglago ng negosyo.

May higit sa 1,700 kalahok sa Budget Awards Program ng GFOA. Pinapasulong ng GFOA ang kahusayan sa pananalapi ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinakamahusay na praktis, propesyonal na pag-unlad, mga resource at practical esearch sa higit sa 21,000 miyembro.

Mga Quote

“Ang pananalapi sa Distinguished Budget Presentation Award mula sa Government Finance Officers Association para sa ating 2022 Badyet ay isang kahanga-hangang accomplishment na naglalarawan sa ating mga pagsisikap na matugunan ang pinakamataas na mga prinsipyo ng pagbabadyet ng pamahalaan. Na ang Lungsod ay nakatanggap ng award na ito para sa pitong magkakasunod na taon ay kumikilala sa ating dedikadong commitment sa pagiging malinaw sa pananalapi at mahusay na pamumuno para sa mga residente at negosyo ng Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton, Tagapangulo ng Komite ng Badyet*

“Ang proseso ng Badyet ay isang pagtutulungan sa pagitan ng Konseho, staff, mga residente at ating komunidad ng Negosyo para makatulong sa paghubog ng kinabukasan ng Brampton. Ipinagmamalaki nating makilala nitong sa distinguished award para sa ikapitong kasunod na taon.”

- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 and 5, at Pangalawang Tagapangulo, Komite ng Badyet, Lungsod ng Brampton

“Bilang isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, ang Konseho ng Lungsod ng Brampton at staff ay nagsisikap para sa kahusayan na maghatid sa pinaka-best para sa ating komunidad. Ikinararangal natin na matanggap ang prestihiyisong award na ito sa pagbabadyet ng pamahalaan, at inaasahan ang pagbuo ng iba pang de kalidad, bukas at naakses na panukala sa Badyet para sa taon na ito para sa mga residente at negosyo sa Brampton.”

- Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca